# VIEWFINDER NG PROYEKTO SA PAGPAPALIIT NG POSIBILIDAD

Mahalaga ang mga kabataan sa pagpapaliit ng posibilidad na magkaroon ng sakuna. May mga natatanging pananaw at ideya tayo para sa ating kinabukasan na puwedeng makatulong sa pag-unlad ng ating mga komunidad. Magandang paraan ng pakikipag-ugnayan sa iba para makatulong sa pagpapatatag laban sa sakuna ang pagbabahagi ng ating mga kuwento at ginagawa.

**Pamumuno at Pagbuo sa Kinabukasan**

**Oras na Kailangan**

Ilang linggo

**Hirap**

Mahirap

**Mga Kagamitan**

Sariling pagtatasa

## Mga tagubilin

**Unang Hakbang**

- Kasama ang iyong mga kaklase at guro, maglibot sa paaralan para malaman at idokumento kung nasaan ang mga posibleng panganib sa paaralan. Kumuha ng mga larawan upang idokumento kung saan magsisimula ang proyekto.

**Ikalawang Hakbang**

- Sama-samang maglahad ng mga ideya kung paano tutugunan ang mga natukoy na posibleng panganib. Gumawa ng sunod-sunod na tagubilin upang maisakatuparan ang proyekto.

**Ikatlong Hakbang**

- Ilahad ang plano ng proyekto sa iyong paaralan para sa pag-apruba rito, tipunin ang anumang maaaring kailanganin mo para sa plano, at simulang isakatuparan ang plano!

**Ikaapat na Hakbang**

- Kumuha ng mga larawan sa buong pagpaplano at pagbuo ng proyekto. Kapag tapos na ang proyekto sa pagpapaliit sa posibilidad na magkaroon ng sakuna sa iyong paaralan, makipagtulungan sa iyong guro upang makatulong na ibahagi ang iyong karanasan sa social media.

